








Tukuyin at Tugunan ang Anaphylaxis

Para sa reaksyon sa pinaghihinalaan o aktibong allergy sa pagkain





PARA SA
ALINMAN SA
MGA
SUMUSUNOD

MALULUBHANG SINTOMAS

-  **BAGA:** Kinakapos na hininga, paghingal, paulit-ulit na pag-ubo
-  **PUSO:** Maputla o mangasul-ngasul na balat, panghihina, mahinang pulso, pagkahilo
-  **LALAMUNAN:** Masikip o namamaos na lalamunan, problema sa paghinga o paglunok
-  **BIBIG:** Matinding pamamaga ng dila o mga labi
-  **BALAT:** Maraming pantal sa katawan, laganap na pamumula
-  **BITUKA:** Paulit-ulit na pagsusuka, malubhang pagtatae
-  **IBA PA:** Pakiramdam na may masamang mangyayari, pagkabalisa, at pagkalito

O MAHIGIT
ISANG

BANAYAD NA SINTOMAS

-  **ILONG:** Makating ilong o paninipon, pagbahing
-  **BIBIG:** Makating bibig
-  **BALAT:** Kaunting pantal, banayad na pangangati
-  **BITUKA:** Banayad na pagduruwal o kawalan ng ginhawa

1 **MAGTUROK
KAAGAD NG
EPINEPHRINE**

2 **Tumawag sa 911
Humiling ng
ambulansyang
may epinephrine.**

Isaalang-alang ang Mga Karagdagang Gamot

(Pagkatapos ng epinephrine):

- » Antihistamine
- » Inhaler (bronchodilator) kung hika

Pagpoposisyon

Ipahiga ang tao at iangat ang kanyang mga binti. Kung nahhirapan siyang huminga o nagsusuka siya, paupuin siya o ipahiga siya nang patagilid.

Mga Susunod na Hakbang

- » Kung hindi bubuti ang mga sintomas, o kung babalik ang mga sintomas, maaaring magbigay pa ng mga dosis ng epinephrine nang humigit-kumulang 5 minuto pagkatapos ng huling dosis.
- » Dalhin siya sa ER at manatili roon nang hindi bababa sa 4 na oras dahil maaaring bumalik ang mga sintomas.

Huwag umasa sa mga antihistamine. Kapag nag-aalinlangan ka, magbigay ng epinephrine at tumawag sa 911.